# 14 computer sets ipinamahagi ni Gob. Tallado sa DepEd District Offices/ Central Schools

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang pamamahagi ng 14 *computer sets* para sa iba't-ibang *district offices/central elementary schools* ng *Department of Education (DepEd)* dito sa Camarines Norte. Isinagawa ito sa pamamagitan ng angkop na seremonya na ginanap sa *Audio-Visual Room, 3rd Floor Capitol Annex, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte.

Bago ang naturang

*(Sundan sa pahina 7)*



*Pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado (pang-15 mula sa kanan) ang pamamahagi ng mga computer units para sa mga district at central schools dito*





# Gob. Tallado pinapurihan ng 9th Infantry Division, PA



*Tinatanggap ni Gob. Egay A. Tallado mula kay Maj. Gen. Jose S. Gaverza, Jr., Commander ng 9th Infantry Division Philippine Army (9ID PA) ang Plaque of Appreciation mula sa nasabing hanay ng militar na aktibong sinusuportahan ng gobernador habang nakasaksi ang iba pang opisyal ng militar.*

Si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay tumanggap ng plake ng pagkilala mula sa *9th Infantry Division, Philippine Army (9 ID PA)* na pinamumunuan ni *Maj. Gen. Jose S. Gaverza Jr., 9ID PA commander*. Isa ito sa mga tampok na aktibidad sa selebrasyon ng *National Reservist Week Convention (Region V)* na may temang: "Laang-Kawal: Kabalikat ng Bayan sa Pagsulong ng Kapayapaan at Kaunlaran" na isinagawa kamakailan sa *Camp Elias Angeles*, San Jose, Pili, Camarines Sur.

Iginawad nila kay Gob. Tallado ang naturang gawad-pagkilala dahil sa aktibo nitong partisipasyon at kooperasyon sa kanilang mga programa, proyekto at aktibidad.

Sa mensahe ng gobernador, pinapurihan niya ang hanay ng mga militar na kinikilala niyang mga buhay na bayani na walang takot at buong tapang na tumutupad sa kanilang mga tungkulin. Pinangangalagaan at pinananatili nila ang kaayusan at kapayapaan sa pamayanan na pangunahing konsiderasyon ng sinumang negosyante sa pagtatayo ng negosyo. Mahalaga ang papel na ginagampanan nila sapagkat ang kapayapaan at

*(Sundan sa pahina 7)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Poster-Making Contest para sa out-of-school youths isinagawa

Ang *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola ay nagdaos ng isang *'Poster-Making Contest'* na ginanap noong Hunyo 28, 2011 sa *Audio-Visual Room*, *3rd floor annex, Provincial Capitol,* Daet, Camarines Norte.

Naisapatuparan ang nasabing paligsahan sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Kabataan (SK) *Provincial Federation* na pinamumunuan ni Bb. Gladiola L. Villagomez, *SP Ex-Officio Member (SK Provincial Federation President)* at si G. Antonio Suhetado Jr. ng *Provincial Youth Affairs Office*.

Nakatuon sa temang *"Forest: Nature at your Service"*, ang nabanggit na patimpalak ay bahagi ng Aral-Kalikasan *Program* ng pamahalaang panlalawigan. Ito rin ay bilang suporta at pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa pambansang selebrasyon ng Buwan ng Kapaligiran o *Environment Month Celebration* ngayong taon dito sa Camarines Norte.

Ito ay nilahukan ng mga *out-of-school youths* mula sa lahat halos ng mga bayan sa lalawigan maliban lamang sa mga bayan na Paracale at San Lorenzo Ruiz na hindi nakapagpadala ng kanilang kinatawan sa nabanggit na paligsahan.

Tinanghal na kampeon sa paligsahan si Jomar Cañeba ng bayan ng Sta. Elena na tumanggap ng premyong P3,000.00, tropeo at gintong medalya. Nakuha naman ni Mobby-dick Santelices ng Mercedes ang ikalawang gantimpala na nagkakahalaga ng P2,000.00, tropeo at medalyang pilak, samantalang ang pangatlong premyong P1,000.00, tropeo at bronseng medalya ay napunta kay Mathew Lonto ng Talisay.

Sila rin ay pinagkalooban ng *'Certificate of Participation'* gayundin ang mga kalahok na may edad na 14 hanggang 21 taong gulang na kinabibilangan nina: Reynaldo Nagrampa ng Basud; Ariane Joy Jimenez at Romeo Ocan ng Daet; Arbien Ureña at Robert Pajarillo ng Capalonga; Nhel Rence V. Grandia ng Labo; Vernie Ladia ng Jose Panganiban; Henson Cajan ng San Vicente, at Jayson Quiñones at Cesar Ryan Azuela ng Vinzons.

Ang mga naging hurado sa patimpalak ay sina Fidel Panotes ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*, Mariecar del Moro Manlapaz ng *Museum Archives and Shrine Curation Division-Governor's Office (MASCD-G.O.)*, at Joel S. Orcena ng N. Baldovino Avenue, Camambugan, Daet, Camarines Norte. ***(GCB)***


1st Place


2nd Place


3rd Place




# 53,090 Philhealth cards ibibigay sa mahihirap na mamamayan

Isinagawa sa iba't-ibang panig ng bansa ang *Nationwide Philhealth Registration Day 2 (NPRD 2)* noong Hunyo 25, 2011. Nakiisa rito ang Lalawigan ng Camarines Norte na idinaos ang kahalintulad na gawain sa *Labo National High School (LNHS)* at *Basud Central Elem. School (BCES)* sa bayan ng Labo at Basud, ayon sa pagkakasunod.

Ito ay tinampukan ng *information, education and communication (IEC) campaign* ng *PhilHealth* kung saan humigit-kumulang 500 katao ang dumalo. Tinalakay rito ang mga benepisyong medikal ng mga miyembro ng *Philhealth* sa ilalim ng iba't-ibang kategorya gayundin ang kanilang mga karapatan at responsibilidad bilang mga miyembro.

Sa pamamagitan ng isang *open forum*, sinagot nila ang mga katanungan, at ilang isyu na idinulog ng mga dumalo.

Kaugnay pa rin nito, 199 indibidwal ang nagsumite ng aplikasyon para makapagparehistro sa *NPRD*, 34 ang mula sa Labo at 149 naman mula sa Basud habang 16 sa kanila ang nakapagbayad na at ang natitirang 183 ay isasaayos pa kung saang kategorya mapapabilang. Kakaunti ang nagparehistro rito na ipinapalagay ng *Philhealth* na karamihan sa kanila ay dati ng miyembro ng *Philhealth o kaya'y* mayroon na silang libreng *PhilHealth cards*.

Ang mahihirap na mga pamilya na natukoy sa *National Household Targeting System (NHTS) survey* na una nang isinagawa ng *Department of Social Welfare and Dev. (DSWD)* ay awtomatikong nagiging miyembro ng *Philhealth*.

Ang *Philhealth Registration Day* na idinaos sa Labo at Basud ay pinangasiwaan ng mga





opisyal at kinatawan mula sa *Philhealth*, *Department of Health (DOH)*, *Provincial Health Office (PHO)*, *DSWD*, *Department of Education (DepEd)*, *Provincial Social Welfare ad Dev. Office (PSWDO)*, *Philippine Information Agency (PIA)*, at *Municipal Social Welfare and Dev. Office (MSWDO)* sa Basud at Labo.

Pinangunahan naman ni Dra. Veronica T. Mateum, *Philhealth Bicol officer-in-charge*, ang pag*turn -over* ng may 53,090 *Philhealth Indigent cards/IDs* kay Gob. Edgardo A. Tallado noong Hunyo 28, 2011. Ito ay pinunduhan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *sponsored program* na isinulong ng gobernador at sinuportahan ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel. Patunay ito ng kanilang maayos na samahan at pagtutulungan na isulong ang mga programa, unang-una na, yaong para sa mga mahihirap kagaya ng distribusyon ng *PhilHealth Indigent cards/IDs*.



Sapagkat patuloy na magiging abala si Gob. Tallado sa *caravan* tuwing Biyernes , ipinagkatiwala na niya kay Bise Gob. Pimentel ang pamamahagi ng naturang mga *Philheath cards/IDs* upang hindi mabalam ang paghahatid nito sa mahihirap nating mga kabayan na hindi napasama sa nabanggit na *NHTS survey* ng *DSWD*.

Dahil dito, ang bise gobernador ay magiging bising-bisi naman sa pagpunta sa iba't-ibang barangay ng lalawigan para sa isasagawang distribusyon ng mga *Philhealth IDs* kasama ang mga kinauukulang kinatawan ng *PhilHealth*.

Bilang karagdagan, ang *PRD 2* na tinawag na "*Philhealth* Sabado, Magseguro, Magparehistro" ay 1-araw na akti-

***(Sundan sa pahina 6)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# IBP CN nagbigay ng libreng serbisyong-ligal sa mga nakapiit sa CNPJ



Bumisita ang mga kinatawan ng *Integrated Bar of the Philippines Camarines Norte Chapter* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* noong Hunyo 4, 2011 bilang bahagi ng *Legal Aide Program* ng naturang organisasyon. Isinagawa nila ito sa layuning matulungan ang mga detenido sa kanilang mga suliranin ukol sa mabagal na sistema ng pagdinig sa kanilang mga kaso at ang kalagayan nila sa panlalawigang piitan.

Humigit-kumulang sa 250 detenido ang nakinabang sa naturang libreng serbisyong ligal. Pinagkalooban sila ng *IBP CN* ng mga bagong kaganapan *(updates)* patungkol sa mga umiiral na batas, *legal counseling* at libreng serbisyo ng abogado na magtatanggol sa kanila.

Una rito, idinaos ang isang maikling programa na sinimulan sa pamamagitan ng pambungad na pananalita ng kanilang presidente na si *Atty.* Elaine Gay R. Belen.

Pagkatapos nito, nagkaroon ng salu-salo kung saan nagkaloob din ng isnak ang *IBP CN* sa humigit- kumulang 250 na preso ng *CNPJ*.

Ang iba pang opisyal ng *IBP* na tumulong sa naturang *Legal Aide Program* ay ang mga sumusunod: *Secretary - Atty.* Bonifacio T. Barandon; *Board of Directors (BODs) - Atty.* Archimedes O. Yanto, *Atty.* Nestor D. Buque,





Ipinaabot naman ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo ang lubos na pasasalamat kay *IBP CN Pres.* Atty. Belen gayundin kay Atty. Franklin L. Suyat, *IBP CN Chapter Vice President*.

Isinagawa rin dito ang isang *open forum*, paginterbyu sa mga detenido, pagbalangkas sa kaso ng mga detenido *(profiling)*.

*Atty.* Lourdes Clarissa Donnatella Cu, *Former Labo MTC Judge* Aurea P. Fermo at *Atty.* Meriam Gestiada; *private practitioners - Atty.* Raymond Aquino at *Atty.* Cora Taldanes; Sheila Trina Sanchez- *IBP CN Chapter legal aide clerk*, at Private Secretary ni Atty. Belen na si Ms. Joy Ng. ***ARIES N. BALBAS***

# Garino, Batas at Cama wagi sa 2nd Gawad ACLAT




**Ms. Leonida A. Batas** **Mr. Darwin S. Cama** **Ms. Anita P. Garino**



**Ms. Anita P. Garino** **Ms. Leonida A. Batas** **Mr. Darwin S. Cama**







Tumanggap ng gawad-parangal ang tatlong nominado ng Camarines Norte sa iba't-ibang kategorya ng *2nd Gawad ACLAT (Anti -Child Labor Award for Teacher)* ngayong taon na may temang: "Katuwang ang Guro Ko, Ang *Child Labor* ay Masusugpo!".

Kabilang sa mga nanalo si Gng. Anita O. Garino, *Head Teacher III* ng *Jose Panganiban National High School* mula sa bayan ng Jose Panganiban na nakuha ang unang puwesto para sa *Teacher Category*. Nanguna naman sa *Para-Teacher Category* si Gng. Leonida A. Batas na isang *barangay health worker (BHW)* at miyembro ng *Community Watch Group (CWG)*. Si *SK Municipal Federation President* Darwin S. Cama ng Jose Panganiban ay naiuwi ang unang puwesto para sa *Little Teacher Category*.

Ipinagkaloob kina Garino, Batas at Cama ang mga kaukulang parangal at papremyo sa *awarding ceremony* na ginanap noong Hunyo 16, 2011 sa *Cebu City Sarrosa International Hotel and Residential Suites, Cebu City*. Nakasama nila sa okasyon sina Dr. Arnulfo Balane, *DepEd Schools Division Superintendent; Provincial Labor and Employment Officer* Ruben Romanillos ng *Department of Labor and Employment (DOLE); Jose Panganiban Councilor* Sarie Marie Aviado, at *Social Welfare Off. II* Cynthia R. dela Cruz ng *Provincial Social Welfare and Dev. Office (PSWDO)*.

Naiuwi ni Garino ang gantimpalang 2 yunit ng *desktop computers* (1-personal, 1-*JPNHS*) at P41,000.00 halaga ng *Learning Resource Center supplemental materials*. Sina Batas at Cama naman ay pare-

*(Sundan sa pahina 6)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## YES, PINOY!

NAKAPANLULUMO ang datos na ipinalabas ng samahang Yes Pinoy *Foundation (YPF)* tungkol sa mga kabataang mag-aaral dito sa bansa.

Ayon sa Yes Pinoy, ang isang estudyanteng Pilipino ay lumalakad araw-araw ng may 6 na kilometro para pumasok sa eskwela. Sa bawat sampung estudyante na nag-uumpisang mag-aral taun-taon, isa lamang sa kanila ang makapagtatapos ng kolehiyo. Kailangan din umano ng halos 153 libong silid-aralan, apat na milyong *desks*, at 35 milyong libro. Idinagdag pa ng *YPF* na kailangan ng may 50 libong titser, at sa panahong ito ng mga *computers* ay animnaraang estudyante ang naghihiraman sa iisang kompyuter. Nakapanlulumo, hindi po ba?

Dahil dito, inilunsad kamakailan ng ***Yes Pinoy*** ang isang proyekto na tinaguriang ***Para Paaralan***. Sa ilalim ng proyektong ito, isang *roving bus caravan* ang iikot sa palibot ng bansa para maabot ang mga mahihirap na kabataan at estudyanteng matatagpuan sa mga lugar na may tatak na/marka ng DepEd na *"read"* at *"black"*. Maglilibot sila upang magturo sa mga estudyanteng Pilipino gamit ang *digital technology* at *performing arts.* Ang Para Paaralan ay magkakatulong na isinasakatuparan ng mga *local government units (LGUs)*, *volunteer youth groups*, at mga kasamahan mula sa pribado at pansosyo-sibikong sektor.

Buong pusong sinusuportahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang nasabing proyekto dahil isa sa mga pinagtutuunan niya ng pansin ay ang kapakanan, at edukasyon ng mga kabataan na daan para magkaroon sila ng magandang kinabukasan. Si Gob. Tallado ay isa sa mga inanyayahan na dumalo sa paglulunsad ng ***Para Paaralan Project*** na ginanap noong Pebrero 27, 2011 sa *Bonifacio Global City* sa Taguig.

Mas magiging masagana at maunlad ang kinabukasan ng bansa kapag edukado ang mga mamamayan nito. Naniniwala rito ang gobernador kaya itinataguyod ng kanyang administrasyon ang programang pang-edukasyon na *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*. Dahil dito, malaki ang pag-asa na umasenso ang ating lalawigan ng Camarines Norte.




# Kampanya kontra trapiking, patuloy na pinaiigting;

## MSWDOs, kapulisan sinanay ukol sa imbestigasyon at prosekusyon sa mga kaso ng trapiking sa tao



***(Nakaupo 1-8) Sina 3rd Asst. Prov'l Pros. Cornelio M. Roll ng Cam. Norte, Pros. Salvador Reyes III ng Cam. Sur, at Operations Officer ng IACAT/Regional Anti-Trafficking Task Force Prosecutor Remiel Nibungco ng Regional Prosecution Office-RO V ; CAO IV Purita P. Briñas ng Community Affairs Office-Governor's Office at kasalukuyang Vice Chairperson ng National Campaign Council ng Philippines Against Child Trafficking (PACT); Reg'l State Pros. Mary May de Leoz; Prov'l Pros. Teresa Mahiwo (Albay), at Prov'l Pros. Eugenio L. Abion ng Catanduanes (dulong kanan). Kasama nila sa larawan ang ilang municipal social welfare and development officers (MSWDOs) at kapulisan mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.***

Dahil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng trapiking sa iba't-ibang panig ng bansa, pinagibayo ng ***IACAT*** sa pangunguna ng ***Department of Justice*** ang kampanya laban dito. Kaugnay nito ang *Seminar on Investigation and Prosecution of Trafficking in Persons* ay idinaos noong Hunyo 17, 2011 sa *Central Plaza Restaurant*, Daet. Isinagawa ito sa layuning mapagibayo ang kooperasyon at koordinasyon sa pagitan ng mga kinaukulang ahensya ng pamahalaan upang maseguro na ang mga traffickers ay makasuhan at maipanalo.

Ang nasabing pagsasanay ay magkakasamang itinaguyod ng *Department of Justice (DOJ), Inter-Agency Council Against Trafficking in Persons (IACAT)* at *Regional Anti-Trafficking Task Force (RATTF).* Nagsilbing mga tagapagtalakay rito sina: Atty. Remiel O. Nibungco, *Operations Officer, IACAT/Regional Anti-Trafficking Task Force DOJ V—Salient Provisions of RA 9208 Anti-Trafficking in Persons Act of 2003, Guidelines in the Operation, Interception, Arrest and Investigation of TIP cases* at si 3rd APP Cornelio Roll. Nagbigay naman ng mensahe rito sina Regional Prosecutor Mary May B. de Leoz, at *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas bilang miyembro ng RIACAT-VAWC at tumatayong ***Vice Chair*** ng *National Campaign Council* ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)* na isinusulong naman sa mga nagsidalo ang *Philippine Human Rights Standards (PHRS) Guidelines in the Protection of Trafficked Children.*

Aktibong nakilahok dito ang mga *municipal social welfare and development officers (MSWDOs)* mula sa mga bayan ng Basud, Capalonga, Daet at Sta. Elena; ganun din ang hanay ng kapulisan, sina *Court Social Worker* Nena Gutierrez at si Gng. Rita Guevarra ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Ang trapiking ay isang krimen kung saan pinagkakakitaan ó kinakalakal bata man ó matanda, babae man ó lalaki ang biktima nito. Dahil dito umapela ang grupo sa publiko na isumbong ang anumang kaso ng trapiking sa tanggapan ng barangay, pulisya at sa lokal na *social welfare offices.*

Samantala, inihayag din sa pagkakataong iyon ang mga bumubuo sa *Regional Anti-Trafficking Task Force* kung saan kumakatawan nito sa Camarines

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# Makukulay na 'festivals' sa Camarines Norte

**(Pangalawang Bahagi)**

**KARAGUMAY FESTIVAL** *(Brgy. San Felipe. Basud)*

Ang Karagumay Festival ay ipinagdiriwang sa Barangay San Felipe, Basud, Camarines Norte, tuwing katapusan ng Abril at unang linggo sa buwan ng Mayo bilang pagpupugay sa Patron na si San Felipe Apostol na isang manlililok.

Ang karagumay ay isa sa pangunahing halamang tumutubo sa lalawigan ng Camarines Norte. Ito ay may mahahabang dahon, matitinik ang bawat gilid at taludtod na nabubuhay sa lupang mahalumigmig o sa gilid ng sapa. Patuloy itong yumayabong habang tumataas at lumalaki ang katawan. Pangunahing materyales ito sa paggawa ng banig, bayong, sombrero at iba pang pagha-habi.

Ito ang karaniwang hanap buhay ng mga taga-San Felipe. Kaya't noong 2009, unang ipinamalas ng mga taga-San Felipe ang kahalagahan ng *Karagumay Festival* sa kanilang lugar. Lumalahok din sila sa Bantayog Festival upang maipakikilala sa publiko ang kanilang natatanging tradisyong panrelihiyon at kultura bilang nagkakaisang mga mamamayan.

**KADAGATAN FESTIVAL** **(Mercedes, CNorte)**

Ang Kadagatan Festival ay isang selebrasyon ng pagpapasalamat para sa mga biyaya at pagpapalang natanggap sa panahon ng pangingisda, pamamalakaya, at pag-alalaga ng mga isda hindi lamang ng mga mangingisda kundi ng halos buong populasyon ng bayan ng Mercedes. Kiniklala sa *festival* ang Inang Kalikasan para sa handog nitong masaganang pangisdaan, kahanga-hangang baybayin at iba pang potensyal ng karagatan nito.

Ang orihinal na pangalan nito ay Mercedes Kadagatan *Fishtival* na binuo sa panahon ng administrasyon ni Mayor Jimmy P. Lo noong taong 1997. Ito ay 1-linggong singkad na selebrasyon na nakapaloob sa anibersaryo ng pagkakatatag ng naturang ba-

*(Sundan sa pahina 7)*



# 13,638 katao mula sa Sta. Elena, Capalonga, Basud at Labo benepisyaryo sa 4 na serye ng 'caravan' ngayong Hunyo

Sa pamamagitan ng *Provincial Multi-Services Caravan* na tinaguriang *"Sa Serbisyo Publikong Tunay, Aprub Ka Egay"*, walang humpay na inihahatid ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa iba't-ibang barangay ng buong lalawigan ang mga programa, proyekto at aktibidad ng pamahalaang panlalawigan. Nakatuwang dito ng gobernador si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na tumatayong *project coordinator* ng *caravan*.

Batay sa tala, umabot sa 13,638 residente mula sa mga bayan ng Sta. Elena, Capalonga, Basud at Labo ang nabenepisyuhan ng nabanggit na 4 na serye ng *caravan* na pinamunuan ni Gob. Tallado. Ang *caravan* ay unang idinaos noong Hunyo 2 sa Brgy. Poblacion, Sta. Elena; Hunyo 10-Brgy. Poblacion, Capalonga; Hunyo 17-Brgy. Mangcamagong, Basud, at Hunyo 23.- Brgy. Canapawan, Labo.

Kaugnay nito, umabot sa 4,735 residente mula sa siyam (9) na barangay ng Sta. Elena ang nabigyan ng iba't-ibang serbisyong medikal at iba pa ng grupo ni Gob. Tallado. Batay pa rin sa ulat ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, 3,905 katao mula sa walong (8) barangay ng Capalonga ang napagsilbihan sa *caravan* doon.

Samantala, sa labindalawang (12) barangay ng Basud na benepisyaryo ng *caravan*, may 2,905 indibidwal ang napagsilbihan. Umabot naman sa 2,093 residente mula sa siyam (9) na barangay ng Labo ang tumanggap ng iba't-ibang serbisyong ipinagkakaloob ng grupo ni Gob. Tallado.

Ang mga barangay ng

*(Sundan sa pahina 6)*





*KADAGATAN FESTIVAL*
Mercedes, Camarines Norte



*RAHUGAN FESTIVAL*
Basud, Camarines Norte

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# ALS Secondary Education Program

## para sa mga kwalipikadong CNPJ detainees sinimulan ngayong Hunyo

Naging matagumpay ang unang bahagi ng *Advance Learning System (ALS)* na isinagawa sa Panlalawigang Piitan ng Camarines Norte ng *Department of Education (DepEd)* sa pamamagitan ng itinalaga nilang *Mobile Teacher* na si Mrs. Liza Lontoc.

Sa pagtatapos ng impormal na edukasyon sa mga detenido na hindi nakatapos ng elementarya at natapos ito sa ilalim ng *ALS*, humigit-kumulang na 10 sa kanila ang magsisimula namang mag-aral ng sekondarya sa ilalim pa rin ng *ALS* ngayong buwan ng Hunyo 2011.

Kasunod nito, humigit- kumulang sa 35 mga detinado ang nag-aplay para sa *ALS Secondary Education Program*. Kamakailan ay isinagawa ni *Teacher* Lontoc ang pagsala *(screening)* sa mga detenidong maaaring makabilang sa programa sa tulong ng pamunuan ng *CNPJ Rehabilitation Section* kung saan nakatalaga ang implementasyon ng *Literacy Program for Inmates*.

Naging pursigido naman ang pamunuan ni OIC at *Asst. Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo sa pagpapatupad ng naturang programa sapagkat naniniwala siya na mahalaga ang edukasyon sa sinuman, bata o matanda, mayaman o mahirap man. Patuloy niya itong itinataguyod upang mabigyan ng pagkakataon ang mga bilanggo na magkaroon ng angkop na edukasyon at maiangat ang kanilang pamumuhay sa kanilang paglaya.

Kasama rin sa hangarin ni *APW* Pajarillo na magkaroon ng oportunidad ang mga detenido na makapagbagong-buhay sapagkat sabay-sabay na itinuturo sa kanila ang mga kaalamang pang-akademiko gayundin ang wastong asal at pag-uugali.

Inaasahan na ang mga makapagtatapos ng elementarya at sekondarya sa ilalim ng *ALS* ay makapapasa sa pagsusulit na ibibigay sa kanila ng *DepEd* para sa kumpirmasyon ng kanilang pagtatapos at paggawad sa kanila ng diploma na kanilang inaasam. ***ARIES N. BALBAS***





***1) Ipinapaliwanag ni DepEd ALS Mobile Teacher Liza Lontoc sa mga detenido ang panuntunan sa pagpili sa mga aplikanteng maaaring mapabilang sa ALS Secondary Education Level. 2) Si Teacher Lisa Lontoc habang nagtuturo sa mga detenidong kabilang sa ALS***

# Garino, Batas at Cama ...

***(Mula sa pahina 3)***

hong tumanggap ng tig-isang yunit ng *desktop computer* at tig-P41,000.00 halaga ng *Learning Resource Center supplemental materials*. Ang naturang mga papremyo ay mula sa kagandahang-loob ng *Nick Charles Foundation, Inc.*

Matatandaan na ang tatlo ang opisyal na naging kinatawan ng Camarines Norte sa nasabing *2nd Gawad ACLAT-Luzon* pagkatapos nilang manalo sa *2nd Gawad ACLAT Provincial Search* na idinaos sa *Shakey's Daet, Central Plaza Mall, Daet*, Camarines Norte. Si Garino ay nanalo sa kategoryang *Teacher: Best Practice on Advocacy* habang nakuha naman nina Batas at Cama ang unang puwesto para sa kategoryang *Para-Teacher: Best Practice on Research, Documentation and Direct Service*, at *Little Teacher: Best Practice on Advocacy, Documentation and Direct Service*. **LT IBASCO**

# PhilHealth...

***(Mula sa pahina 2)***

bidad na layuning mapagaan ang proseso sa pagrerehistro at pag-anib sa programa ng mga hindi pa kabilang sa *National Health Insurance Program (NHIP)*, lalo na ang pinakamahihirap sa mahirap na sektor ng bansa. Isinusulong nito ang *Aquino Health Agenda: Universal Health Care*, lalo na ang istratehiya para maiangat ang *financial risk protection* ng mga 'tunay' na mahihirap sa pamamagitan ng pagpapalawak ng *National Health Insurance Program (NHIP) enrolment* at paghahatid ng mga benepisyong kaakibat nito. ***LT IBASCO***

# 13,638 katao ...

***(Mula sa pahina 5)***

**Sta. Elena** na naging benepisyaryo ng *caravan* ay ang: Poblacion, Salvacion, Rizal, Pulongguit-guit, Bulala, San Lorenzo, Basiad, San Vicente at San Pedro; **Capalonga**: Poblacion, Catioan, Ubang, Camagsaan, Mataque, Catabaguangan, San Isidro at San Roque; **Basud**: Mangcamagong, Hinampacan, Lidong, Mandazo, Oliva, Angas, Taba-Taba, Tacad, Taisan, Matoogtoog, Masalong-salong at Hinipaan, at **Labo:** Canapawan, Bayabas, Tigbinan, Guisican, Anameam, Malibago, Kabatuhan, Malaya at Malatap.

Ang kumpletong detalye ukol sa iba't-ibang paglilingkod na inihatid ng *Provincial Multi-Services Caravan* sa mga bayan ng Sta. Elena. Capalonga, Basud at Labo ay ang mga sumusunod: →

| Uri ng Serbisyo | Sta. Elena Hunyo 3 | Capalonga Hunyo 10 | Basud Hunyo 17 | Labo Hunyo 23 |
|---|---|---|---|---|
| Serbisyong Medikal/ Gamot/Bitamina | 1,306 | 1,166 | 721 | 845 |
| Bunot ng Ngipin | 166 | 195 | 185 | 151 |
| *Blood Typing* | 93 | 41 | 59 | 38 |
| Tuli | 92 | 0 | 0 | 0 |
| *Reading Glasses* | 580 | 400 | 430 | 470 |
| Feeding Program | 549 | 903 | 476 | 592 |
| Pananim na Bungang-Kahoy | 45 | 60 | 45 | |
| Pantanim na Butong-Gulay | 74 | 30 | 77 | 75 |
| *Fingerlings/Sugpo fries* | 18 | 20 | 12 | 20 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 108 | 65 | 85 | 73 |
| Pantanim na Punungkahoy | 75 | 45 | 75 | 70 |
| Anti-Rabies Vaccines | 137 | 60 | 60 | |
| *Mandatory Cash Assistance to Barangays* | 9 | 8 | 11 | 9 |
| Libreng Tsinelas | 88 | | | |
| Libreng Gupit ng Buhok | 136 | 221 | 336 | 186 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 32 | 43 | 69 | 38 |
| Libreng *Hot Oil* | 243 | 151 | 272 | 127 |
| Oryentasyon sa Katarungang Pambarangay, *CNPGCEAP*, Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa mga Kabataan at Kababaehan | 35 | 105 | | |
| *Information and Education Campaign (IEC) Materials* | 192 | 105 | | |

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Makukulay na 'festivals'...

(Mula sa pahina 5)

yan. Ang Mercedes *Kadagatan Fishtival* ay tinatampukan ng *Street Dancing and Mascot Competitions* na isinasagawa tuwing ika-7 ng Agosto bawat taon.

Sa pamamagitan ng mga kumpetisyon, ang masaganang ani mula sa mga yamang-dagat nito ay malikhaing isinasalarawan ng mga mahusay at malikhaing mga mamamamayan nito. Ang unang *Street Dancing and Mascot Competition* ay isinulong at pinunduhan ng Sangguniang Bayan sa pangunguna ni *Vice Mayor* Melchor C. Ibasco kasama ang mga miyembro nito na sina Konsehal Ruel A. Santelices at Konsehal Daniel T. Garcia, at pinanguluhan ni Mary Antonette N. Ibasco, *municipal budget officer*.

Ang Kadagatan *Festival* na isa sa mga taunang gawain ay kabilang sa mga *festivals* sa Rehyong Bicol na nakarehistro sa ilalim ng *Department of Tourism (DOT)*. Ito ay naitampok na sa 3 edisyon ng kalendaryo ng *Mercury Drug* para sa buwan ng Agosto. Ang Mercedes Kadagatan *Festival* ay pinangalanan namang Kadagatan *Festival* noong Agosto 2003 sa ilalim ng administrasyon ni *Mayor* Pepito P. Lo.

**RAHUGAN FESTIVAL**
**(BASUD, CAM. NORTE)**
***Leticia Biron- Fulgueras***

Ang Rahugan ay galing sa salitang-ugat na Rahug, isang salitang Bikol na tumutukoy sa isa sa mga mahahalagang bahagi ng puno ng niyog. Ito ang tangkay ng mga bulaklak at bunga ng niyog na kumpol-kumpol na kapag iniluwal ay hugis-puso ang talukap nito. Ito ang pinaka-korona ng puno ng niyog.

Ang isang puno, mula sa ugat hanggang sa dulo ng dahon nito ay maraming kapakinabangan sa tao. Makikita itong inaalagaan at itinatanim sa mga dalisdis, burol, kapatagan, buluibundukin o lambak at maging sa gilid ng mga karagatan. Ang kahoy nito ay kalat na kalat na makikita sa buong kalupaan ng Basud.

Isang pinagkukunan ng ikabubuhay ng mga tao sa mga kanayunan ng Basud ang pag- aalaga ng niyog at sa mga produktong kaloob nito. Ang isang parselang lupa na natatamnan ng niyog ay malaking pinagkakakitaan ng isang pamilya sa baryo. Isang propesor sa kasaysayan ang nagwika na ang mga unang tao sa Basud ay binansagang mga *"Propetaryong Ticapo"*, karamihan sa kanila ay nagmamay-ari ng mga parsela ng lupaing niyugan. Inaani nila ang niyog upang gawing *"copra"* sa tuwing ika-anim na buwan at maghihintay uli para sa sunod na pag-ani ng niyog.

Ang rahugan ay nagsisimbolo sa pinagmulan ng Basud. Ayon sa historyador, bago dumating ang mga kastilang *"conquistadores"* sa Basud ay may mga nakatira nang mga katutubo sa lugar na ito. Sila ay kumpul- kumpol na nagtayo ng mga bahay sa mga gilid ng mga *deltas* o lambak ng lupa na pinaghihiwalay ng umaagos at mababaw na tubig o sapa. Masasabing ang mga unang tao sa Basud ay may sariling kultura at sibilisasyon bago pa nasakop ng mga kastila. Ang mga taong namuhay, nagtrabaho, nagpundar at bumuo ng pamilya ay nagtatag ng isang maliit na komunidad. Bukambibig ng mga ninuno ng Basud na ang mga tao rito ay iniluwal mula sa sinapupunan ng isang pamilya na pinaniniwalaang siyang mga naunang lider at nagsilbing pundasyon ng komunidad bago pa nasakop ito. Ang mga tao ay nagkakaisa na parang iisang pamilya, pinsan, kamag-anak, o malayong kamag- anak sa iba.

Sa paggalang at pagrespeto sa ilang pamilya, may mga residenteng taga-Basud na nakilala sa kanilang mga bansag o alyas na may relasyon sa niyog gaya ng *"Lunok"*, *"Lukad"*, *"Bunot"*, *"Guta"*, *"Bukhayo"* at ang bantog na *"Buko King"*.

Makikita sa mga Basudeño ang minana nilang kaugalian tulad ng pagiging mapagmahal, pakikipagkaisa, damdaming siya ay nabibilang sa isang pamilya, at ang pagiging relihiyoso. Ang kooperasyon ay kanilang ipinahahayag sa pamamagitan ng bayanihan.

Dahil sa natatanging mga kaugalian, kultura, tradisyon, kasaysayan, gawi at pagiging relihiyoso ng mga Basudeño, isang *festival* ang nabuo upang ipakita, ipamansag at itanghal sa buong probinsya, sa Kabikulan, at sa buong Pilipinas ang mga yamang mana ng mga taga-Basud mula pa nooong unang panahon, ngayon at sa darating pang mga panahon.

Ito ang ipinagmamalaking RAHUGAN FESTIVAL ng mga Basudeños.

***(May karugtong sa susunod na sipi)***

# 113th anibersaryo...

(Mula sa pahina 8)

ng *General Services Office (GSO)* ang sabayang pag-awit ng Lupang Hinirang habang itinataas ang ating Pambansang Watawat. Nakiisa rin sa seremonya si Bise Gob. Jonah G. Pimentel kasama ang mga bokal ng Sangguniang Panlalawigan na itinaas ang *municipal colors* ng 12 bayan ng lalawigan.

Ito ay sinundan ng *socio-civic and military parade* na pinangunahan ng sangay ng *Philippine National Police (PNP)* at *Philippine Army (PA)* dito sa lalawigan. Nakiisa rito ang mga pamahalaang lokal, kagawaran ng pamahalaang nasyonal, mga guro at mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang elementarya at sekondarya sa bayan ng Daet, at ilang pansosyo-sibikong samahan at organisasyon. Nagbigay naman ang mga kawani ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan at mga piling kabataan ng isnak pagkatapos ng makulay at makabuluhang parada. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# 150th anibersaryo...

(Mula sa pahina 8)

Park) sa ganap na ika-7:00 ng umaga. Sa pamamagitan ng *National Historical Commission of the Philippines (NHCP)*, iniutos ng palasyo ang sabay-sabay na pagsasagawa nito sa buong bansa.

Sa katulad na petsa, nagsagawa ng mga angkop na aktibidad ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Office* na pinamumunuan ni *Atty.* Debbie G. Francisco at sa pakikipagtulungan ng *Museum Archives and Shrine Curation Division* sa pangunguna ni *Museum Curator I* Abel c. Icatlo.

Ang selebrasyon dito na idinaos sa bahagi ng kinatatayuan ng Bantayog ni Rizal ay tinampukan ng programa sa pagpupugay sa Pambansang Watawat at sabayang pag-awit ng Lupang Hinirang, ang ating Pambansang Awit. Ito ay sinundan ng isang angkop na programa kung saan naging panauhing tagapagsalita si G. Eduardo Freyra, dating bokal ng Sangguniang Panlalawigan at ngayon ay aktibong opisyal ng *Knights of Rizal*.

Bilang pagpupugay sa kabayanihan at kadakilaan ng ating pambansang bayaning si Gat Dr. Jose P. Rizal, ang mga kabataang mag-aaral mula sa ilang paaralang elementarya, sekondarya at kolehiyo sa bayan ng Daet ay nag-alay ng mga pumpon at korona ng bulaklak sa paanan ng kauna-unahang Bantayog ni Rizal sa buong mundo na unang naitayo sa bayan ng Daet.

Dumalo rin sa okasyon sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, *Executive Assistant IV* Jose G. Boma, Daet Mayor Tito S. Sarion, ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan, mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at pamahalaang nasyonal, mga pribado at pampublikong paaralan, samahan ng mga kabataan, *non-government organizations (NGOs)*, at iba pa. Hindi nakarating si Gob. Tallado na nasa isang opisyal na biyahe sa Maynila sa naturang araw.

Idinaos din dito ang isang Banal na Misa. Pinalipad din ang isang malaking lobo na naglalaman ng mga sulat ng pangako ng mga kabataan para sa pagsasabuhay nila sa mga magagandang simulain at aral ni Rizal. Kasama rito ang kahilingan nila kay Rizal na ipaabot nito sa Poong Maykapal ang kanilang kahilingan upang magabayan at mahubog sila bilang mga kabataang tunay na pag-asa ng bayan. ***LT IBASCO***

# 14 computer sets ipinamahagi...

(Mula sa pahina 1)

distribusyon, ang mga kinauukulang guro at kinatawan sa bawat distrito ay isinailalim sa pagsasanay ukol sa tamang paggamit ng kompyuter.

Ang tig-iisang *computer set* para sa ilang *district offices/central school offices* ng *DepEd* ay tinanggap ng kani-kanilang mga kinatawan na kinabibilangan ng mga sumusunod: Jose Panganiban *Elem. School – Teacher I* Michael A. Montuya; Mercedes *Elem. School – Teacher I* Ronaldo M. Yabut; Daet *South*/F. Baldovino *Elem. School – Teacher I* Imelda A. Cuaño; Vinzons *Pilot Elem. School* – Rolando C. Abanto; San Vicente *Elem. School – Teacher I* Melchor Abejero; Basud *Elem. School* – Oliver D. Merciales; Talisay *Elem. School – Teacher I* Cheryl R. Raro; Daet *Elem. School – Teacher I* Rosemarie B. Zabala; Vinzons *Pilot Elem. School* –Robert M. Borromeo, at Basud *Elem. School* – Arsenio C. Abais.

Kabilang din sa mga tumanggap ng *computer set* ang Labo West/ Claudio Villagen *Elem. School*; Capalonga *Elem. School*; Sta. Elena *Elem. School*; Labo Central *Elem. School*, at Paracale *Elem. School*. Sa mga naging benepisyaryo, tanging ang San Vicente *District* ang mapalad na nakatanggap ng 2 *computer sets* dahil sa magkalayo ang Imelda *Elem. School* at San Lorenzo *Elem. School*.

Ang pondo para sa pagbili ng naturang mga kompyuter ay kinuha mula sa *Special Education Fund (SEF)* ngayong taon bilang suporta sa mga programang pang-edukasyon. ***LT IBASCO***

# Gob. Tallado ...

(Mula sa pahina 1)

kaunlaran ay magkakambal. 'Ika nga, ***kung walang kapayapaan, walang kaunlaran***; at ***walang kaunlaran kung walang kapayapaan***.

Sinabi ni Gob. Tallado na dapat ipagpatuloy ng militar ang mahusay na paglilingkod sa harap ng mga pagbatikos at masamang imahe nila bunsod ng mga eskandalong kinasangkutan maging ng kanilang mga opisyal man. Ito umano ay dapat nilang harapin bilang isang hamon para higit na pag-ibayuhin ang pagtupad sa kanilang tungkulin. Dapat din nila itong tingnan bilang isang oportunidad para patunayan na ang hanay ng militar ay matapat, makatao, mapagkakatiwalaan, may paninindigan, magalang at laang maglingkod sa lahat ng oras.

Kinikilala rin ni Gob. Tallado na tunay na ang Laang Kawal ay Kabalikat ng Bayan sa Pagsulong ng Kapayapaan at Kaunlaran. Ngunit mas magiging kumprehensibo at epektibo umano ang kampanya ng militar kontra sa kriminalidad at terorismo kung ang bawat mamamayan ay makikiisa at kikilos laban dito. Binigyang-diin ng gobernador na ang tagumpay ng programa ng anumang ahensya ng pamahalaan ay nakasalalay sa pakikisa at partisipasyon ng mga benepisyaryo nito at hindi ng tagapagpatupad lamang nito kagaya ng sa hanay ng militar at kapulisan man. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 150th anibersaryo ng kapanganakan ni Rizal ginunita;

## mga kabataan na tinawag ni Rizal na 'pag-asa' ng bayan nakiisa sa selebrasyon

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

Bilang selebrasyon sa ika-150 taong anibersaryo ng kapanganakan ng ating pambansang bayaning si Gat Dr. Jose P. Rizal noong Hunyo 19, ang pamahalaang nasyonal ay nagtakda ng mga angkop na aktibidad at programa.

Kabilang dito ang pag-aalay ng may 150,000 katao ng mga pumpon at korona ng bulaklak sa paanan ng monumento ni Gat Rizal sa Rizal Park (Luneta

*(Sundan sa pahina 7)*







*Pinangunahan nina Bise-Gob. Jonah G. Pimentel at Daet Mayor Tito S. Sarion ang pagtataas ng bandila at floral offering sa kauna-unahang bantayog ni Gat Jose P. Rizal bilang paggunita sa ika-150 kaarawan ng pambansang bayani. Nakiisa rin sa okasyon ang iba't-ibang grupo rito sa lalawigan tulad ng Free Masonry Daet Lodge.*

# Rotary Club of Daet namahagi ng Glucometers sa CNPH

Tinanggap ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang mga donasyong *glucometers* ng *Rotary Club of Daet North (RCDN)* para sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at sa mahihirap nating mga kababayan na may diyabetes.

Personal na iniabot ni *Pres.* Marianne "Gio" Berzuela ng *RCDN* ang mga *glucometers* kay Gob. Tallado. Ang pagtanggap ng gobernador sa donasyon ay sinaksihan nina Dr. Paul Palencia, pangulo ng *Diabetes Philippines-Camarines Norte Chapter (DP CNC); Executive Assistant IV* Jose G. Boma, *RI Asst. Dist. Gov.* Cely Pilar at *former DA Regional Dir.* Agustin B. Mago.

Itinaguyod ng *RCDN* at *DP CNC* ang proyekto dahil sa nakaaalarmang pagdami ng nagkakasakit ng diyabetes na isa sa sampung (10) pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga Pilipino. Inaasahan na sa pamamagitan ng mga *glucometers,* maaagapan ang paglala ng diyabetes ng isang indibidwal sapagkat malalaman agad niya kung mataas ó mababa ang kanyang *blood sugar* ó kung may panganib na magkaroon siya nito.

Ang *glucometer* ay isang *blood sugar home monitoring device* na nagbibigay ng mabilis na resulta sa antas ng *blood sugar* ng taong diyabetiko. Ito ay maliit at magaang dalhin kaya saanman at anumang oras ay mai-eksamin ang ating *blood sugar level*. ***LT IBASCO***




# 113th anibersaryo ng kalayaan ng bansa ipinagdiwang

Ginunita at ipinagdiwang ng buong lalawigan ng Camarines Norte noong Hunyo 12, 2011 ang ika-113 taong anibersaryo ng pagiging malaya ng ating pinakamamahal na bansang Pilipinas na nakatuon sa paksang, *"Bawat Cam. Norteño, Bayani at Marangal"*.

Susog dito, ipinalabas ng Tanggapan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2011-17 na nag-aatas sa mga pampamahalaan at pribadong tanggapan, paaralan at organisasyon, at lahat ng mga mamamayan na aktibong sumuporta at makilahok sa mga itinakdang gawain bilang pakikiumisa natin sa naturang pambansang selebrasyon.

Ang mga gawain dito ay tinampukan ng programa sa pagpupugay sa Pambansang Watawat na idinaos noong Hunyo 12, ganap na ika-8 n.u. sa *Provincial Capitol Grounds*, Daet, Camarines Norte. Pinangunahan naman ni Gng. Teresa B. Lamadrid

*(Sundan sa pahina 7)*

*Ipinaabot ni Bise-Gob. Jonah G. Pimentel ang mensahe ni Gob. Egay A. Tallado sa maikling programang isinagawa bilang bahagi ng selebrasyon dito sa lalawigan ng Camarines Norte sa ika-113 taong anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas.*



PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com